ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# UGNAYAN NG ANTAS NG KAKAYAHAN SA BOKABULARYONG FILIPINO AT AKADEMIKONG PERFORMANS SA FILIPINO

**Rizza Marie C. Paquiding[1], Evelyn R. Cutamora, PhD[2]**

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

[2]*Instructor, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19773
**DOI No: 10.36713/epra19773**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay mabatid ang pagkakaugnay ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral. Natamo ang mga layunin ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng estatistikong ginamit. Ang pag-aaral na ito ay ayon sa pamamaraang palarawang ugnayan na disenyo ng pananaliksik na ginagamitan ng talatanungan upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino na nasa ikatlong taon sa kolehiyo na may asignaturang introduksyon sa pagsasaling wika sa unang semestre taong panuruan 2023-2024 na nag-aaral sa Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology na may kabuoang bilang na 52 na respondente. Ang mga datos na nalikom ay sinuri gamit ang Mean at Pearson-r. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral sa antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino batay sa indikeytor nito na anyo, kahulugan at gamit ay mataas. Gayundin ang akademikong performans batay sa indikeytor na kabuoang marka sa asignaturang introduksyon sa pagsasaling wika. Lumabas sa resulta na walang makabuluhang ugnayan ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA:** *Kakayahan sa Bokabularyo, Akademikong Performans, Mag-aaral sa Medyor Filipino.*

## INTRODUKSYON

Pumapatungkol ang pananaliksik na ito sa ugnayan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang bokabularyo ay nakatutulong para maunawaan ang koteksto ng wika at tumutulong upang pahusayin ang kakayahan na matuto at gumamit ng wika. Ang Pilipinas ay mayroong 130 na katutubong wika at ang ilan dito ay namatay na dahil ito ay dulot ng modernisasyon. Napag-alamang marami pa rin sa mga mag-aaral ay may suliranin patungkol sa bokabularyong Filipino. Mahalaga ito na mabigyang pansin sapagkat, mahalaga ang ginagampanan ng bokabularyo sa ating wika dahil ito ang daan upang mapanatili ang ating wika (Austria, 2022)).

Sa katunayan, sa isang pag-aaral sa Saudi partikular na sa Unibersidad ng Saudi, natuklasan na ang antas ng kakayahan sa bokabularyo ay may 47 % na pagkakaiba sa GPA sa animnaput isa (61) mag-aaral. Iminumungkahi na ang laki ng kaalaman sa bokabularyo ay isang malakas na hula ng akademikong tagumpay. Nalaman ding ang kaalaman sa *Academic Word List* (AWL) ay nagdagdag ng karagdagang 11.5% sa paliwanag ng pagkakaiba sa GPA. Ipinahihiwatig sa pahayag na ang kaalaman sa bokabularyo ay may epekto sa akademikong pagganap (Masrai at Milton, 2021).

Samantala, sa pananaliksik na isinagawa sa isang paaralan ng Pilipinas partikular na sa paaralan ng University of the Philippines (UP) na kinasasangkutan ng tatlong daang (300) mag-aaral sa kolehiyo mula sa limang magkaibang Universidad. Ipinakita na ang magandang relasyon sa pagitan ng kaalaman sa bokabularyong at pagganap sa akademiko. Sinasabing ang kaalaman sa bokabularyo ay natagpuan na isang makabuluhang prediktor ng nito ng mga nasa kolehiyo. Napag-alaman na ang may mahusay na bokabularyo ay may tendensiyang magkaroon ng maunlad na GPA. (Reyes at Ramirez, 2022).

Napakahalaga ng pag-aaral na ito upang matukoy kung sa anong antas ng bokabularyong Filipino napapabilang ang mga mag-aaral na kinilala bilang mga respondente ng pag-aaral at nakaaapekto rin ba sa kanilang antas ng kakayahan sa bokabularyo Filipino ang akademikong performans nila sa asignaturang introduksyon sa pagsasaling wika. Aalamin kung ang may mataas na kaalaman sa bokabularyong Filipino ay may mataas din bang markang makukuha sa asignaturang nabanggit o hindi kaya ay kahit na may mababang antas ng kaalaman sa bokabularyong Filipino ay wala itong kaugnayan sa akademikong performans o markang makukuha sa asignaturang pagsasalin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

### Layunin ng Pananaliksik

Naglalayong malaman ng sulating ito ang ugnayan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans ng mga mag-aaral ng BSED Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.

1. Matukoy ang lebel o antas ng kaalaman sa bokabularyong Filipino batay sa:
   1.1 anyo;
   1.2 kahulugan; at
   1.3 gamit
2. Matukoy ang akademikong performans sa asignaturang pagsasaling wika batay sa:
   1.1 Kabuoang Marka sa Filipino
3. Matukoy ang ugnayan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans.

### Haypotesis

Ang sumusunod na haypotesis ay sinubukan sa 0.50 antas ng kabuluhan. Walang ugnayan ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino nasa tatlong taong panuruan na may kursong introduksyon sa pagsasaling wika

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *non-experimental* quantitative sa pamamaraang deskriptibong korelasyunal kung saan sinukat ang dalawang baryabol at sinuri ang ugnayan ng mga ito. Ginamit ito dahil nilalayon ng pag-aaral na matuklasan ang ugnayan ng antas ng kakayahan bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral (Paul, 2017).

Ang *non-experimental quantitative design* ay gumagamit ng mga numerikal na datos upang suriin ang mga ugnayan sa pagitan ng mga variable nang hindi nagmamanipula ng mga ito. Sa ganitong disenyo, hindi kontrolado ng mananaliksik ang mga kondisyon o variables; sa halip, ang layunin ay obserbahan at suriin kung paano magkakaugnay ang mga variable sa isang natural na setting (Creswell, 2014).

### Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik

Ang pananaliksik ay isinagawa sa Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology (KCAST), pampublikong kolehiyo na matatagpuan sa Davao del Norte. Ang mga respondente sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa kursong Batsilyar ng Sekundaryang Edukasyon medyor sa Filipino ng KCAST sa taong panuruan na 2023-2024. Ang mga kalahok ay binubuo ng 52 na mga mag-aaral.

### Instrumento ng Pananaliksik

May dalawang pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Una, ay ang talatanungan na ginamit para sa malayang baryabol na sinuri ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino

Pangalawa, ay ang pagkuha sa marka ng mga mag-aaral para gamitin sa di-malayang baryabol na nakatuon sa akademikong performans ng mga mag-aaral.

Ang Likert Scale ay ginamit bilang batayan sa paglalarawan ng antas ng kakayahan sa bokabularyo sa Filipino. Sa scale na ito, ipinaliwanag na ang mga respondente ay magbibigay ng tugon sa pamamagitan ng pag-check ng isang punto. Ginamit naman ng mananaliksik ang eskala sa ibaba.

| Saklaw ng Paglalarawan | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30 - 5.00 | Pinakamataas | Ang kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay palaging naipamalas. |
| 3.50 - 4.20 | Mataas | Ang kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas. |
| 2.70 - 3.40 | Katamtaman | Ang kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipamalas. |
| 1.90 - 2.60 | Mababa | Ang kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay bihirang naipamalas. |
| 1.0 - 1.80 | Pinakababa | Ang kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay kailanman hindi naipamalas. |

Sa kabilang banda, ang interpretasyon sa akademikong performans ng mga mag-aaral, ang sumusunod na panukat ang ginamit:

| Kabuoang Marka sa Filpino | Kahulugan | Interpretasyon |
|---|---|---|
| **90% pataas** | Pinakataas | Nangangahulugan na ang akademikong performans ay namumukod-tangi. |
| **86-89%** | Mataas | Nangangahulugan na ang akademikong performans ay lubhang kasiya-siya. |
| **80-85%** | Katamtaman | Nangangahulugan na ang akademikong performans ay kasiya-siya. |
| **75-79%** | Mababa | Nangangahulugan na ang akademikong performans ay medyo kasiya-siya. |
| **74% pababa** | Pinakamababa | Nangangahulugan na ang akademikong performans ay hindi naabot ang inaasahan. |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa pagkolekta ng datos, iniayon ito sa sumusunod na mga pamamaraan para masigurong maprotektahan ang mga Karapatan ng bawat indibidwal na lumahok sa isinagawang pananaliksik na ito. Nakasaas din ang proseso ng pagkuha ng impormasyon at datos na maibigay ng kasagutan sa mga katanungan na nilalayon ng pananaliksik.

**Paggawa ng liham pahintulot.** Ang mananaliksik ay gumawa ng liham sa Bise-presidente ng academic Affair ng Kapalong College of Agriculture Science and Technology para mabigyan ng pahintulot na magsasagawa ng pananaliksik.

**Pagsumiti ng mga talatanungan**. Ang hinangong mga talatanungan ay isinumite ng mananaliksik sa kanyang tagapayo para sa karagdagang pagsusuri. Pagkatapos, isinangguni ito sa lupon ng tagasuri para matiyak ang kaangkupan ng bawat aytem sa isinagawang pag-aaral.

**Pamamahagi at koleksyon ng Palatanungan.** Kapag inaprubahan ng College of the President ang pahintulot na magsagawa ng pag-aaral, ang mananaliksik ay personal naipamamahagi ang instrumento ng pananaliksik. Sa tulong ng College of the President, tiyak na maayos na naipapamahagi ang talatanungan.

**Koleksyon at Tabulasyon ng mga Datos**. Ang talatanungan ay kinuha at itinala ang mga datos. Pagkatapos ay ibinigay ito sa statistician upang makuha ang resulta ng palatanungan.

**Istatistikal Tritment ng Datos**
**Mean.** Ginamit ang paraang ito upang matukoy ang average o central tendency ng isang koleksyon ng mga punto ng data. Ito ay ginamit upang matukoy ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral.

**Pearson-R**. Tinatasa ng istatistikal na panukalang ito ang parehong lakas at direksyon ng linear na ugnayan sa pagitan dalawang baryabol. Ginamit ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademiko na performans sa Filipino ng mga respondante.

## RESULTA AT DISKUSYON

***Talahanayan 1: Antas Ng Kaalaman Sa Bokabularyong Filipino Batay Sa Anyo***

| Anyo | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. naibabaybay ko ang salita nang wasto. | 4.02 | Mataas |
| 2. madali kong natutukoy ang isang salita sa pamamagitan ng tunog. | 4.19 | Mataas |
| 3. alam ko kung paano ang tamang pagbigkas ng mga salita. | 4.13 | Mataas |
| 4. nakikilala ko ang anyo ng mga salita. | 3.98 | Mataas |
| 5. nakabubuo at nakasusulat ako ng salita. | 4.54 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.17** | **Mataas** |

***Talahanayan 2: Antas Ng Kakayahan Sa Bokabularyong Filipino Batay Sa Kahulugan***

| Kahulugan | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. alam ko ang kahulugan ng salitang aking ginamit. | 4.50 | Pinakamataas |
| 2. naiintindihan ko ang salitang aking ginamit sa pangungusap. | 4.56 | Pinakamataas |
| 3. alam ko ang ibig ipakahulugan ng isang salita. | 4.35 | Pinakamataas |
| 4. alam ko kung anong salita ang dapat gamitin para maipahayag ang kahulugan. | 4.40 | Pinakamataas |
| 5. kaya kong makapag-isip ng ibang salita o kasingkahulugan ng salita sa pamamagitan ng pag-unawa sa kahulugan ng isang salita. | 4.15 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.39** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*Talahanayan 3: Antas ng Kakayahan sa Bokabularyong Filipino batay sa Gamit*

| Gamit | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. kaya kong gumawa ng mga pangungusap gamit ang mga salitang alam ko. | 4.69 | Pinakamataas |
| 2. kaya kong gumawa ng malinaw at maayos na pangungusap. | 4.33 | Pinakamataas |
| 3. alam ko kung anong uri ng salita ang gagamitin sa pangungusap. | 4.31 | Pinakamataas |
| 4. alam ko kung paano gamitin ang isang salita sa pangungusap. | 4.37 | Pinakamataas |
| 5. alam ko kung paano isisingit ang isang salita sa pangungusap. | 4.35 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.41** | **Pinakamataas** |

*Talahanayan 4: Buod sa Antas ng Kakayahan sa Bokabularyong Filipino*

| Indikeytors | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| **Anyo** | 4.17 | Mataas |
| **Kahulugan** | 4.39 | Pinakamataas |
| **Gamit** | 4.41 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.32** | **Pinakamataas** |

**Antas ng Kakayahan sa Bokabularyong Filipino ng mga Mag-aaral.** Ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay mataas sa tatlong aspeto: anyo, kahulugan, at gamit ng mga salita. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang eksplisitong pagsasanay sa morpolohiya, o ang pagbuo at pagbabago ng mga salita, ay nakakatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa anyo ng mga salita ay nagkakaroon ng mas mataas na marka sa pagsusulit at mas malalim na pang-unawa sa wika. Ayon din sa mga pag-aaral, tulad ng kay Ruz et al. (2022), ang malalim na pag-unawa sa mga anyo at kahulugan ng salita ay nakatutulong sa mas sistematikong paggamit ng wika.

Ang pagpapalawak ng bokabularyo ay hindi lamang tumutok sa pagkilala ng mga salita, kundi pati na rin sa kanilang kahulugan at ang aplikasyon nito sa komunikasyon. Ayon kay Gassparri at Macaroni (2019), ang pagpapayaman sa bokabularyo ay nagbibigay daan sa mas epektibong pakikipag-usap at pagbuo ng mas malalim na kahulugan. Dagdag pa, ang mga estratehiyang tulad ng pagbasa ng mga aklat at kuwento, pati na rin ang memorization, ay nakakatulong sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay ng kasanayan sa akademikong pagganap.

Ang tamang paggamit ng bokabularyo sa iba't ibang konteksto ay may malaking epekto sa pagkatuto ng wika. Ayon kay Glatch (2022) at Mohamed (2024), ang wastong paggamit ng mga salita at ang kanilang aplikasyon sa mga sitwasyon ay nagpapabuti sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang mga pananaw nang malinaw at epektibo. Ang mga kasanayan sa tamang gramatika at bokabularyo ay nagbibigay ng matibay na pundasyon para sa matagumpay na pagkatuto ng wika at mas mahusay na komunikasyon.

**Talahanayan 5:** ***Antas Ng Akademikong Performans Ng Mga Mag-Aaral Sa Asignaturang Introduksyon Pagsasaling Wika Batay Sa Kabuoang Marka Sa Filipino***

| | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|
| **Kabuoang Marka sa Filipino** | **1.75** | **Pinakamataas** |

**Antas ng Akademikong Performans ng mga Mag-Aaral sa Asignaturang Introduksyon sa Pagsasaling Wika Batay Sa Kabuoang Marka Sa Filipino.** Ang panlahat na akademikong performans sa asignaturang introduksyon sa pagsasaling wika ng mga respondente ay inilalarawan bilang namumukod tangi at nangangahulugang maganda ang resulta ng akademikong performans ng mga mag-aaral. Maiuugnay ito sa pag-aaral nina Tedesa et al., (2022), inilahad niya na ang pagkakaroon ng napakagandang resulta ay nagdudulot ng pagkakaroon ng magandang trabaho pagkatapos ng pag-aaral. Kapag naman sila ay hindi nakakuha ng magandang resulta sa akademiko nitong performans ay maaaring magdulot sa kanila na umulit nalang sa kanilang pag-aaral.

Dagdag pa, ito ay maiuugnay din sa napagtanto ni Yussif (2022) sa kaniyang pag-aaral sapagkat natuklasan niya na ang pagkakaroon ng interes sa asignatura ay nakapagdudulot ng kasiyahan sa pagkatuto ng kanilang aralin. Nakadaragdag sa kuryusidad ng mga mag-aaral ang pagkakaroon ng mga aktibidad sa klase nakabubuo ng pagpapahalaga sa pag-aaral ng kanilang asignatura. Ang mga estratehiya na ginamit ay nakatutulong upang magkaroon ng magandang resulta sa kanilang akademikong performans.

Bukod pa rito, napagtanto rin sa pag-aaral ni Santhi (2019) na kaakibat ng may mataas na akademikong performans ay ang pagkakaroon nito ng mataas ng kompiyansa sa sarili na magagawa nitong maging matagumpay sa hinaharap. Maliban dito, ang may mataas na akademikong performans ay mas handa sa mga hamon buhay at sa karera nitong ninanais. Sa kaniyang pag-aaral masasabing mahalaga ang pagkakaroon ng mataas na antas sa akademikong performans para maging produktibong indibidwal at maunlad na kalidad ng buhay.

**Talahanayan 6:** ***Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Kakayahan sa Bokabularyong Filipino at Akademikong Performans ng mga Mag-Aaral***

| Variable | Mean | R-Value | P-Value | Decision @=0.05 |
|---|---|---|---|---|
| Kakayahan Sa Bokabularyong Filipino | 4.32 | -0.124 | **.380** | **$H_o$ Accepted** |
| Akademikong Performans | 1.75 | | | |

**Makabuluhang Ugnayan ng Antas ng Kakayahan Sa Bokabularyong Filipino at Akademikong Performans ng mga Mag-Aaral.** Ang resulta sa ugnayan ng dalawang baryabol ay nagsiwalat na walang ugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino ng mga respondente. Ito ay batay sa nakalkulang R-value ng pag-aaral na -0.124 at .380 na P-value. Ito ay batay din sa pangkalahatang mean ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino na inilalarawan bilang pinakamataas na inilalarawan para sa pangkalahatang mean ng akademikong performans ng mga respondente. Ipinakita rin sa resulta na walang ugnayan ang lahat ng indekeytor sa antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino sa akademikong performans sa Filipino ng mga mag-aaral. Samakatuwid, walang impluwensya ang antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino sa akademikong performans.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang mga respondente ay may pinakamataas na antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino batay sa anyo, kahulugan at gamit nito. Ito ay nangangahulugan na may kaalaman ang mga mag-aaral patungkol sa bokabularyo.

Sa kabilang dako, ang akademikong performans naman ng mga respondente ay nagpapakita na pinakamataas ang kanilang kabuoang performans sa Filipino. Ibig sabihin nito na ang kanilang akademikong performans ay namumukod-tangi.

Gayunpaman, ipinakita na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino at akademikong performans sa Filipino. Ipinapahiwatig nito na ang malayang baryabol na antas ng kakayahan sa bokabularyong Filipino ay walang impluwensiya sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang resulta ng pag-aaral na ito ay hindi nagbibigay-patunay sa mga teoryang ginamit ng mananaliksik.

## TALASANGGUNIAN

1. *Austria, K.S. (2022). Buwan ng Wikang Pambansa 2022, inilunsad ng KWF.*
2. Creswell, J. W. (2014). *Research Design: Qualitative, Quantitative, and Mixed Methods Approaches* (4th ed.). SAGE Publications.
3. *Gasparri, L. & Marconi D. (2019). Word Meaning. Stanford Encyclopedia of Philosophy Archive Fall 2019 Edition.*
4. *Glatch, S. (2022). The Importance of Word Choice in Writing.*
5. *Masrai, A., & Milton, J. (2021). Vocabulary Knowledge and academic achievement revisited: General and academic vocabulary as determinant factors. Southern African Linguistics and Applied Language Studies, 39 (3), 282-294*
6. *Mohamed, N. (2024). Scaffolding Vocabulary Learning: Knowing a Word and Teaching New Words. https://www.tesol.org/blog/posts/scaffolding-vocabulary-learning-knowing-a-word-and-teaching-new-words/*
7. *Reyes, M. A. C., & Ramirez, J. A. B (2022). The Impact of Vocabulary Knowledge on Academic Performance of Undergraduate Students in the Philippines: A Cross-Institutional Study.*
8. *Ruz, A., Alcania, C., & Clares, C. (2022). Paradigms in Word Formation.*
9. *Santhi, B. (2019). Impact of Smartphone usage on the academic performance among medical students.*